| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malinyo |
| JUNE | Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |

Republic of the Philippines

Department of Education

Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# EPP 4 IA

## Ika-apat na Markahan- Modyul 6:
## Pagbuo ng Sariling Produkto Mula sa Materyales na Matatagpuan sa Pamayanan



Pangalan:________________________________________

Baitang/Seksyon:__________________________________

Paaralan: ________________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Glenes H. Sapuan/Grace N .Cagbabanua

**Editor:** Jerry M. Perong

**Tagasuri:** Elsa Q. Aranas

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Glenes H. Sapuan
Grace N. Cagbabanua

**Tagalapat:** Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambolo,CESO VI
Oliver B. Talaroc, Ed. D
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D
Jerry M. Perong
Jephone P.Yorong, Ed. D



## Alamin

**Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:**

- ❖ Nasusunod ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa,
- ❖ Nakikilala ang mga materyales na maaaring iresaykel sa pagbuo ng naidesenyong proyekto.

(F1KP-11i-6)



## Balikan

**Panuto:** Basahin at suriing mabuti ang mga materyales na nasa ibaba. Piliin ang sagot mula sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Vetiver na damo** | **Buri** | **Nito** | **Pandan** | **Niyog** |
| **Nipa** | **Rattan** | **Abaka** | **Tabla at kahoy** | **Tambo na damo** |

________________1. Ito ay tinatawag ding "Puno ng Buhay".

________________2. Ito ay isang uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging maliban sa mga dahon.

________________3. Ang mesang kinakainan, silyang inuupuan, at aparador, dingding at kisame ng bahay ay halimba ng gamit nito.

________________4. Ito ay isang uri ng pako o fern na may mga dahon, ugat, at tangkay, ngunit walang bulaklak at buto.


________________5. Ito ay isa sa pinakamalaking palmera na tumutubo sa bansang Pilipinas.

| Aralin 6 | Iba't-ibang Materyales na Matatagpuan sa Pamayanan |
|---|---|



## Tuklasin

Tingnan ng mabuti ang mga larawan. Ginagamit ito upang makabuo ng isang proyekto. Ibigay ang kaukulang pangalan ng bawat isa. Saguta ang bilang 1-10.






## Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto.**

*A. Gawin mong gabay ang mga ito sa lahat ng pagkakataon upang makaiwas sa alin mang insidente kapag gumagawa ng proyekto.*

1. Maglaan ng lugar, kahon o kabinet para sa kasangkapan at kagamitan sa paggawa. Iayos ayon sa uri at gamit upang mapadali ang pagkuha at pagbabalik sa mga ito.
2. Gamitin nang buong ingat ang mga de-koryenteng kasangkapan at kagamitang matatalim at matatalas.
3. Siguraduhing nasa maayos na kondisyon ang mga kasangkapang gagamitin.
4. Ibigay ang buong atensiyon sa ginagawa. Huwag makipaglaro o makipag-usap habang humahawak ng mga kagamitan at kasangkapan.
5. Basahin ang mga tagubilin sa paggamit ng mga kasangkapang de-koryente bago gamitin ang mga ito. Dapat may patnubay ng guro o magulang.
6. Maglagay ng panakip sa mata, ilong o bibig kung gagamit ng mga kasangkapan tulad ng welding machine.
7. Gumamit ng damit pantrabaho tulad ng apron at hairnet, at magpalit kaagad ng kasuotan matapos gumawa.
8. Maghugas na mabuti ng kamay bago at pagkatapos gumawa.

***B.Ang sumusunod ay ang ilan sa mga materyales na matatagpuan sa pamayanan ay ang sumusunod.***

**Tabla at Kahoy -** Ang mesang kinakainan, silyang inuupuan, at aparador, dingding at kisame ng bahay.

**Abaka -** Ito ay isang uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging maliban sa mga dahon. (Basket, tsinelas, apalamuti)

**Niyog -** Ito ay tinatawag ding "Puno ng Buhay" dahil sa ang bawat bahagi nito ay may sadyang gamit.

**Pandan -** Malalapad at mahahaba ang mga dahon nito na nahahawig sa dahon ng pinya. Mainam sa paggawa ng banig, sombrero, bag at iba pa.

**Buri -** Ito ay isa sa pinakamalaking palmera na tumutubo sa bansang Pilipinas. (Pamaypay, lubid, basket, sombrero)

**Nito -** Isang uri ng pako o fern na may mga dahon, ugat, at tangkay, ngunit walang bulaklak at buto. Ginagamit itong pantahi.

**Nipa -** Ginagamit ito sa paggawa ng mga kapote at pamaypay. Ginagamit rin na pang-atip ng bahay.

**Rattan -** Kilala sa tawag na yantok at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles, bag, basket, duyan, at mga palamuti.

**Damo -** Ang damong tambo ay mainam na gamitin sa paggawa ng mga walis at ang damong Vetiver ay ginagamit sa paggawa ng mga pamaypay.



## Pagyamanin

**A. Panuto:** Lagyan ng **check** kung ito ay bahagi ng mga tuntunin at paunawa na dapat sundin sa paggawa ng proyekto. **Ekis** naman kung hindi.

_____**1.** Gumamit ng damit pantrabaho tulad ng apron at hairnet, at magpalit kaagad ng kasuotan matapos gumawa.

_____**2.** Makipaglaro o makipag-usap habang humahawak ng mga kagamitan at kasangkapan sa paggawa.

_____**3.** Siguraduhing nasa maayos na kondisyon ang mga kasangkapang gagamitin.

_____**4.** Gamitin ang mga kasangkapang ito sa patnubay ng guro o ng mga nakatatanda.

_____**5.** Basahin ang mga tagubilin sa paggamit ng mga kasangkapang



## Gawain

**Panuto: Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. to ay isa sa pinakamalaking palmera na tumutubo sa bansang Pilipinas.
a. Rattan b. Nito c. Buri
2. Ito ay tinatawag ding "Puno ng Buhay".
a. Niyog b. Abaka c. Nipa
3. Ito ay isang uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging maliban sa mga dahon, dahil higit na malalapad ang dahon nito.
a. Buri b. Rattan c. Abaka
4. - Kilala sa tawag na yantok at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles.
a. Buri b. Rattan c. Abaka
5. Malalapad at mahahaba ang mga dahon nito na nahahawig sa dahon ng pinya.
a. Pandan b. Niyog c. Nipa



## Isaisip

Sa modyul na ito, natutunan ko pagbuo ng sariling produkto gamit ang mga____________na makikita sa lipunan at ang mga ____________sa paggawa.

Naunawaan ko na importante ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa.



## Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot:

1. Ito ay tumutubo sa halos lahat ng lalawigan. Kilala sa tawag na yantok at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles, bag, basket, duyan, at mga palamuti.
   a. Nito b. Rattan c. Pandan
2. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga kagamitan sa paggawa, maliban sa;
   a. Lagari b. Martilyo c. tsinelas
3. Ito ay tinatawag ding "Puno ng Buhay" dahil sa ang bawat bahagi nito ay may sadyang gamit.
   a. Abaka b. Aluminum c. Niyog
4. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga panuntunan sa pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa?
   a. Maglagay ng panakip sa mata, ilong o bibig kung gagamit ng mga kasangkapan tulad ng welding machine
   b. Gumamit ng damit pantrabaho tulad ng apron at hairnet.
   c. .Ilagay sa bulsa ang mga kagamitan at kasangkapang matutulis
5. Bakit mahalagang malaman ang mga panuntunan sa pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa?
   a. Para mapaunlad ang gawain
   b. Para hindi mapagalitan ng guro
   c. Para iwas disgraysa at pagkakasakit



## Karagdagang Gawain

Panuto: Magbigay 3 halimbawa ng mga proyektong maaaring magawa ng **Rattan**.

1.______________2.______________ 3. ______________

Magbigay ng 3 halimbawa ng mga proyektong maaaring magawa ng **Pandan.**

1.______________2.______________ 3. ______________

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**
1. Niyog
2. Abaka
3. Tabla at Kahoy
4. 
5. Nito

**Tuklasin**
1. Ruler
2. Martilyo
3. Gunting
4. Pako
5. Screw Driver
6. Angle Ruler
7. Cutter
8. Barena
9. Pliers
10. Lagari

**Pagyamanin**

A.
1. Check
2. Ekis
3. Check
4. Check
5. Check

B.
1. C
2. A
3. C
4. B
5. A

**Tayahin:**
1. B
2. C
3. C
4. C
5. C

**Karagdagang Gawain**

A.

6. Duyan
7. Muwebles
8. Basket

B.

1. Sapin sa Plato
2. Sombrero
3. Bag

# Sanggunian:

K to 12 Curriculums, EPP 4 Learning Materials p.512-520 4th quarter

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.